# Tunay na sa Paraiso ay may isang tagpuan na pinupuntahan nila tuwing Biyernes.

Ayon kay Anas bin Mālik, malugod si Allah sa kanya: "Tunay na sa Paraiso ay may isang tagpuan na pinupuntahan nila tuwing Biyernes. Iihip ang hangin ng hilaga at tatama ito sa mga mukha nila at mga kasuutan nila. Madadagdagan sila ng karikitan at kagandahan. Babalik sila sa mga mag-anak nila noong nadagdagan sila ng karikitan at kagandahan. Magsasabi sa kanila ang mga mag-anak nila: Sumpa man kay Allah, talaga ngang nadagdagan kayo ng karikitan at kagandahan! Magsasabi sila: At kayo, sumpa man kay Allah, talaga ngang nadagdagan kayo matapos namin ng karigikitan at kagandahan!"

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Nagpapabatid sa atin ang ḥadīth ng tungkol sa mga uri ng lugod na ipinarangal sa mga maninirahan sa Paraiso, sa matatagpuan nilang karikitan at lugod sa paglipas ng mga yugto at mga panahon, at sa idadaos para sa kanila sa Paraiso na mga pagkikita, mga pagtitipon, at tulad ng mga ito bilang pang-aaliw sa kanila. Magkakaroon din sila ng kagandahang walang katulad at walang kapantay. Ito ay palaging nagbabago at nadaragdagan.

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/8353

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee